Si Etot

Nakita nya kung paano nagkatinginan ang lahat ng naglalamay. Nasa gitna sya ng umpukan ng mga tao. Sa harap nya, ladlaran ng sakla. Sa likod, dalawang mesa ng mah jong. Sa kanan, isang mahabang mesa ng bingohan, sa kaliwa, dalawang mesa ng nagto-tong its. Nakita nya kung paanong napatigil ang balasador ng sakla sa pagbibisaklat ng baraha. Napatigil din ang sakador sa pagbibilang ng barya. Buti na lang, hindi binibitawan ng poli ang tarugo sa tatamang baraha. Tumahimik pati ang bolilyo ng bingo. Huminto ang tagay na pinaiikot sa umpukan ng mga binatilyo’t dalagita sa tabi ng mesa ng tong-its. Parang nakalimutan na rin ng gitaristang kalabitin ang kwerdas ng gitara, napalingon na rin sa nililingon ng karamihan.

Naunang lumabas ng bahay kay Mang Manding ang korona ng patay at ilang silyang monoblock. Walang naglakas-loob na pigilan si Mang Manding na sipa-sipain, tapak-tapakan ang nagkalasog-lasog na bulaklak. Wala ring kumibo nang pulutin-ibalibag nang paulit-ulit ang monoblock.

“Putang ina, anong pinagsasabi nyo? Si Etot ko ‘yan. Anak ko ‘yan. Anak ko ang pinatay nila!”

Pinagmamasdan lang si Mang Manding ng lahat. Parang ang lahat, nakikiramdam, naghihintay ng susunod na sasabihin o gagawin nito. Maging ang Kapitan ng barangay, pinapanood lang ito.

Sunod na lumabas ng bahay ni Mang Manding, ang dalawang lalake at tatlong babae. May nakatatak na PNP at SOCO sa likod at sa kaliwang bahagi ng dibdib ng polo-shirt na light blue.

Ramdam ang pag-aabang ng lahat sa sasabihin ng mga unipormadong nakayukong umalis, parang hindi na nakuha pang magpaalam kay Mang Manding. Hindi rin nakuhang tumingin ng mga ito sa lahat ng mga naglalamay, nakikiramay, mananaya, miron at tumatambay.

Hinatid ng mga mata nila sa lamayan ang pag-alis ng sasakyan ng mga ito hanggang kanto. Hindi alam ng lahat kung baka pati ang blinker at wang-wang, nakiisa sa pansamantalang pananahimik.

Halos isang buwan bago nakita si Etot sa latian sa Bacoor. Lasog-lasog na halos. Nakilala lang sa kwintas na gawa sa tab ng softdrinks at soot nito nang huling makita. Sa kwento ni Mang Manding, maging ng iba pang taga-Kalye Lubog, inabot pa ng ilang araw bago maibalik ang labi ni Etot. Kailangan pa raw maproseso ng SOCO.

Marami nang bersyon ang lumutang sa kanilang lugar. May nagsabi na dinukot si Etot ng mga pulis malapit sa sementeryo. Sa kanilang lugar, alam ng lahat na malapit sa sementeryo nakatira ang amo ni Etot na si Bossing Pekto. May nagsabi na may nakakita sa mga pulis na may binatilyong kinakaladkad sa sementeryo. Tapos para raw nagmamakaawa yung binatilyo. Lahat ng ito espekulasyon. Pero mas matimbang ang mistaken identity.

Isang lingo matapos mawala ni Etot, pinalayo muna ni Mang Manding sina Mimi at Chichi na mga anak nito at apo. Kaya hindi nya maisip kung paano mag-isang kinaya ni Mang Manding na makita sa morge si Etot sa ganoong kalagayan.

Sa tulong ni Bossing Pekto, pina-close casket ang bangkay ni Etot. Unti-unti na sanang tumitining ang tensyon. Tapos, dumating kanina ang SOCO, sinasabing malamang maling bangkay ang nakuha ni Mang Manding. Hindi daw kasi nag-match ang DNA nito sa nakuhang sample ng DNA sa bangkay ni Etot.

Hinayaan lang ng lahat na nasa isang sulok si Mang Manding. Naninigarilyo. Muling umingay ang lamayan. Balik ang lahat sa pinagkakaabalahan.  Tinignan nya ang tray, ubos na ang sandwich at pansit sa paper plate.

Hindi nya alam kung saan galing, pero may nagsabi na, “First night, may pansit at sandwich agad. Lakas talaga ni Etot kay Bossing Pekto, ha? Baka sa last day, may pa-burger. Tang ina.”

***

“Wala naman akong ibang madidikitan, kundi si Bossing lang.”

Sa pagkakaalala nya, nagsimula bilang runner sa saklaan si Etot. Tagabili ng ganito at ganyan ng mga balasador, sakador, poli at iba pang personel ng sakla. Minsan, nauutusan din sya ng puntos-mayor o malalakas tumaya. Naaabut-abutan. Dahil laging gabi naman ang sakla, napupuyat si Etot. Ang katwiran, pambaon-baon. Pang-abot-abot yung iba sa pamilya. Minsan, hindi na nakakapasok.

Natuwa si Etot nang ginagawa itong tagaabot ng intelihensya kapag umorbit ang police mobile sa saklaan.  Kapag nagkakalakasan ang tayaan, at tumatagilid ang bangka, si Etot ang sasakyan ng personnel para kumuha ng pera sa bahay ng bossing nito.

“Kapag pinasama ka sa byahe, ibig sabihin nu’n, mararating mo na ang bahay ni Bossing. Mapagkakatiwalaan ka na.” Paliwanag sa kanya.

“Weh, e, bakit naging ‘byahe’ ang tawag nyo du’n? Eh, hindi ka naman lumuluwas, anlapit-lapit kaya ng bahay ng bossing mo? Di ba sa may pantyon lang?”

“Eh, yun ang tawag nila, eh. Alangan namang baguhin ko pa yun?”

“Sa kanya ba galing ‘tong sidecar na ‘to?”

Tumango si Etot. “Pagamit ni bossing. Ipasada ko rin daw kung gusto ko. Wag na ko mag-boundary. Bait talaga ni Bossing, ‘no?”

Hindi nya makakalimutan ang tagpong ‘yun. Ang araw na yun. Huling araw ng klase. Papasok sya para magpa-clearance ang mga graduating. Nasa kanto si Etot. Naka-sidecar. Sinabi na nitong ihahatid na sya sa High School. Tinanong nya kung ba’t hindi na ito pumapasok. Hindi ito kumibo. Pagbaba nya ng sidecar, nagbabayad sya, hindi tinanggap ni Etot. Pinilit nya. Ayaw pa rin tanggapin.

“Pag di mo tinanggap yan, di na ako papahatid uli.”

Doon nya nakita ang liwanag ng mukha ni Etot na hindi ininda ang kinse minutos na pagpadyak.

***

Nagulat sya nang may maghiyawan.

“Koto!” sigaw ng isa. Sa lugar nila, wala yatang hindi nakakaalam ng mga katawagan sa sakla.

Humanga sya kay Etot. Alam nyang wala itong malay sa kumplikadong mathematical problem at formula, pero kapag mapagkakakitaan, kahit natutulog yata at gisingin ito, alam ni Etot ang magiging parte.

“Marunong talaga ang Dyos, dininig yung panalangin ko nu’ng isang linggo pa, na sana, maka-clean up kami. ‘Yun, kagabi, last night ng pwestong patay, naka otsenta mil kami. Kaya nakatatlong libo ako. Magsisimba nga ako sa Linggo. Simba tayo?”  sabay kagat nito sa hita ng manok at subo ng spaghetti.

“Di pwede. Magre-report na ko sa school sa Monday. Gusto kong magpahinga sa Linggo. Ipagdasal mo na lang ako. Pero thank you dito sa libre mo.”

***

“Patakbuhin natin ang bangka” sigaw ng nanalo ng koto.

“Sige, pag kinapos kami ng pera, papabyahihin natin si Etot kay Bossing.” Pagbibiro ng sakador na si Atan.

***

“Tang ina, anlaki pala ng bahay ni Bossing. Sa labas kasi, parang hindi naman masyado. Kumpleto sa gamit. Anlaki-laki ng tv sa sala. Parang sine. Tapos, panalo yung sounds ng speaker. Binabayo yung dibdib ko sa lakas. Gyera yung palabas, eh. Kaya parang nasa gyera na rin ako. Tapos, marmol yata o tiles yung sahig. Puti, makintab. Tapos yung ano, yung elisi ng electricfan sa kisame na may ilaw, saka naka-aircon. Lamig sa sala. Inabot sa akin ni Bossing yung bag. Tapos inabutan ako ng isandaan.”

Ramdam nya ang kakaibang saya sa boses ni Etot. Halos hindi nito ginagalaw ang softdrinks na nasa plastic.

“Perstaym kong makapasok. Makita yung sala nila. Dati kasi hanggang gate lang ako.”

Inabot nya dito ang bakanteng plastic na may straw “Buti pinapasok ka?”

Kinuha ng kaliwang kamay nito ang plastic na inabot nya. “Tagal ko kaya du’n sa gate. Mga kinse minutos yata ako du’n. Panay tawag ko saka pindot ng door bell, kumakaway pa ko sa cctv, walang lumalabas.”

Kinuha nya sa kanyang sling bag ang pressed powder at lip shiner. “Sabi ko, buti nga pinapasok ka. Di ba sabi mo, dati hanggang gate ka lang, o kaya, papapasukin ka pero bandang gate ka pa rin. Eh, paanong…” binuksan nya ang pressed powder, tinignan ang mukha sa salamin.

“Text nang text si Manager Atan, baka raw makotohan, wala nang pambayad. Tapos lumabas si Bossing. Tang-ina, sya pa nagbukas ng gate sa akin. Sabi pasensya na raw, umeebak daw sya. Naririnig naman daw nya yung doorbell, kita nya raw ako sa cctv sa cr, tang-ina, ‘no, astig yung bahay, may cctv kahit sa kubeta, kaso, parang wala yatang tao sa bahay nila.  Walang mautusan. Pinapasok ako. Inabutan pa nga ako ng coke sa lata. Ambait ni Bossing, ‘no? Sabi nga sa akin. ‘Di ba ikaw si Etot, runner ni Atan?’ Kilala pala nya ako. Siguro, mga lima o anim na bes pa lang na si Bossing ang nag-aabot ng pera sa akin. Madalas, yung mga tao nya.”

Hindi nya na lang makontra si Etot. Hindi nya masabi dito, na paano naging mabait ang operator ng sakla at huweteng sa kanilang lugar.

Ito ang unang date nila ni Etot sa breakwater.

***

Nakasalubong nya sa may pintuan si Mimi. Humihikbi-hikbi pa ito na nagsabi sa kanya na baka napapagod na sya.

“Okay lang ako.” Sabi nya.

Kakauwi lang nina Mimi, ang anak nito at si Chi Chi sapul nang pinalayo muna ni Mang Tasing.

“Sabi ko sa kanya bago umalis ng bahay, kapag may nadaanan, pakibili ng diaper. Kahit apat lang muna. Pupunta nga raw sya kay Bossing Pekto, kukunin yung tricycle. Baka maabutan din daw sya, kasi nga ilang araw na wala silang pwesto. Yun na, huling text na pala namin yun.”

***

Isa yata si Etot sa pinakamatangkad sa Kalye Lubog. Pwede ngang pam-basketball kung tutuusin. Siguro 5’9”-10”. Tinitingala nya kasi kapag kasama nya ito. Lalo tuloy syang nagmumukhang bata lalo na kapag nakaakbay ito sa kanya. Siniksik at pinatigas ng maghapong kakapidal dati ng sidecar ang katawan nito. Pirming basa ng pawis ang damit.

Dahil napalapit na ito kay Bossing Pekto, may tricycle na. Umayos-ayos na rin ang itsura.

Pumutok ang Etot-Lek-lek Love Team sa Kalye Lubog nang isang gabi, bumulaga si Etot sa bahay nila. May dalang isang pirasong rosas at isang box ng doughnut, nandoon ang Papa nya’t kasama ang ilang drayber at kundoktor na nag-iinuman sa pantalan nina Mang Tasing na ilang metro lang ang layo sa bahay nila.

Nag-‘tao po’ si Etot sa tapat ng kanilang bahay na nakatawag pansin sa Papa nya at kainuman nito.  Nasa sala sya, ang Mama nya at ang tatlong barako. Trending sa Kalye Lubog ang lakas-loob na pagdalaw ni Etot.

“Ba’t mo ginawa ‘yun?” halos naiiyak sya.

“Gusto ko sanang pumormal sa inyo. Pakilala ako kina Mang Crisostomo at Aling Flor. Di ba yun ang tama? Di ba ganoon ang nanliligaw?”

“Ba’t di ka muna nag-text na pupunta ka?”

“Surpresa nga, eh.”

Hindi rin nya makuhang magalit kay Etot. Kung nagpaalam ba papayagan o pipigilan nya ito?

Hindi pa nya nababalitaang napapalaban ng suntukan si Etot. Hindi palakaibigan pero walang kaaway.  Malumanay kasi itong magsalita. Gustong maging komikero pero mas una pa nga itong tumatawa sa sarili nitong joke. Hindi pa rin nya nakita itong umiinom sa kanto at lansangan. Kung iinom ito, magpapaalam pa sa kanya.

“Ba’t ka nagpapaalam sa akin? Nanay at Tatay mo ba ako? Tapos gusto mo kapag may mga lakad at gagawin ako, magpapaalam din ako sa ‘yo?” pagtataray nya kunwari.

“Grabe ka naman. Parang adik ka na rin mag-isip. Bumabatak ka na, no? Kanino ka bumibyahe?”

“Kaw ‘tong adik, nakikigaya ka sa mga barkada mo. Si babae pinagbabawalan si lalake na uminom, tumambay… si lalake babawalan si babae na mag-shorts.”

“Talagang adik ako. Adik sa ‘yo.”

“Sige, umadik-adik ka dyan, matokhang-tokhang ka.”

***

“Sayang, kala ko pa naman, magkakahipag na ko ng teacher, may magtuturo na dito?” itinuro nito ang anak na pinapatulog.

Ngumiti lang sya.

“Hindi nga matropa ‘yan si Kuya. Pag walang sakla, naglalabas ng sidecar dati, tapos naging trike na pahiram ni Boss Pekto. Minsan, nasa isang sulok lang yan, hawak ang cp, ngingiti-

ngiti. ‘Lam ko, kaw ang ka-text nya. Lagi nga nya sinasabi, nag-aalangan sya sa ‘yo, teacher ka, sya…”

***

“Baks, ganito lang ‘yan… nakikita mo ba ang sarili mo na kasama yung jowa-jowaan mo sa future, sa rest ng buhay mo?” tanong sa kanya ni Josie.

Hindi nya masagot. Hindi nya maamin sa sarili nya na gusto nya si Etot. Pero hindi nya rin maamin sa sarili na parang walang maayos na kinabukasan na naghihintay sa kanilang dalawa.

Nakisabat na rin si Leah. “Baks, ‘lam kong wala akong K magpayo kasi never naman ako nagka-lovelife, pero, titignan ko na lang sya as ROI. Parang unfair sa jowa mo na pinapaasa mo sya na magiging kayo, or kayo na pero alam mo yun… hindi mo sya seseryosohin. Walang return of investment sa side nya.”

***

“May nakita ba sa cctv nina Bossing Pekto?”

“Sabi ng mga pulis, sira daw cctv nina Bossing Pekto. Malamang daw tagalabas ang dumukot kay Etot.” Luminga si Mimi habang hinehele ang anak. “Bait nga ni Bossing, sagot nya ang lahat ng ito.”

“Kukuha lang uli ako sa loob, ha?” ininguso nya ang tray.

Sumingit sya sa mga taong abala sa iba’t ibang pinagkakaabalahan. Nakita nya ang Papa nya na tumataya sa sakla. Katabi ang kapitbahay nila na si Mang Piling na dating balasador ng sakla at Mang Tasing, retiradong nagdo-drowing ng billboard sa sinehan. Katabi ng bunso nilang kapatid na si Tagnoy na abala sa cellphone ang Mama nya na nasa isang umpukan, nakikipagkwentuhan kasama nina Aling Nori at Aling Nene, mga kapitbahay nila. Kanina,

napansin nyang nakikiumpok si Obet sa nagkakantahan. Hinahanap nya si Chuck. Baka sa kung saang umpukan nandoon.

Napagawi uli sya sa sala nina Etot. Unang makikita ang stand. Nandoon ang card na nagsasabing Benjamin Potenciano Buenavista. Ipinapaalam ang petsa ng kapanganakan at kung kaylan namatay. Inaanunsyo na magdidisinwebe lang ito nang mamatay. Ibinabalita rin na sa Linggo ng alas dos ng hapon ang libing.

Nasa gitna ang metal casket. Katabi nito ang picture ni Etot. Parang nakahiga sa motor ng tricycle. Nakapatong ang kanang paa sa manibela. Ang kaliwa, nakalaylay malapit sa step knot. Bahagyang nakasandig ang ulo sa sandalan ng pasahero sa likuran ng motor. Nakatupi ang kaliwang braso na may tattoo na 'LB' na nasa loob ng puso na may nakatagos na arrow. Hawak ng kanang kamay ang kwintas na gawa sa tab ng lata ng softdrinks. Katabi ang blow up ng picture.

***

"Malay ko bang magkakaputukan doon?" iginilid nito ang tricycle. "Putik, muntik na pala ako."

"Gago ka kasi, eh. Kung anu-anong kalokohan ang naiisip mo."

"Kalokohan ba 'yun?"

"Ewan ko sa 'yo."

Hindi nya nasagot kung kalokohan ba talaga ang ginawa ni Etot. Kaya pala sya gustong makita nito, ipapakita ang kakatapos lang na pina-tattoo sa kanang braso. 'LB' na nasa loob ng puso na may nakatagos na arrow.

Si Mang Agaton na tatay ni Bogs pala ang tumira ng tattoo. Inabutan daw nito ng singkwenta at isang Empi lapad. Tinanong nya kung ba't du'n pa nagpa-tattoo, alam naman na

pwestuhan ‘yun. Sinabi ni Etot na wala nang hawak ang mag-ama simula nang madampot. Kaya wala na ring pumupwesto.

Sa kwento nito, matapos ng tattoo, tumambay-tambay daw ito sa kanto nina Mang Agaton. Nakipagkwentuhan kay Bogs. Hinihintay daw nito ang reply nya. Ipapakita nito ang tattoo sa kanya.

“Ikaw ang swerte ko. Nu’ng nag-text ka umuwi ako nu’n?”

“Bakit?”

“Magpapalit ng damit. Kasi alam ko magkikita tayo. Kahiya naman na nakasando lang ako.”

Parang dagang sumusuot sa dibdib nya ang kunsensya. Hindi nya lang masabi kay Etot na wala talaga sana syang balak makipagkita dito noong gabing iyon. Iba ang sadya nya sa paglabas. Gusto nyang magpahangin. Maglibang. Pagod na ang mata nya sa kaka-proofread. Kaya sa lalabas sya tatawag para hindi marinig ng Mama nya.

“Nasa bahay na ako nang magkaputukan. Putik! Buti na lang talaga nag-text ka! Sabog mukha ni Bogs. Baka pinatumba ng dati nyang supplier.”

Paano nga kaya kung hindi sya nag-text? Paano kung nadamay ito sa putukan?

Mahirap yata talagang kalaban ang kunsensya. Kaya siguro, noon, pinagbibigyan nya ang simpleng hiling nito. Gusto nya sigurong bumawi sa inaakala nyang atraso nya dito sa mga nagdaang linggo. Kung anu-anong idinahilan nya kung bakit ayaw nyang makipagkita dito. Gusto nyang ipadama dito na noong araw na iyon, si Etot talaga ang kanyang sadya. Syempre, nagsinungaling uli sya kay Etot.

“Saka nakakaurat sa bahay. Pag-uwi ko sa bahay, bangayan nina Papa, Chichi at Mimi. Unli-sigawan. Wala ring buhay sa bahay. Walang patay. Walang pwesto. Walang sakla.

Napilitan syang inumin ang softdrinks kahit hindi masyadong malamig. “Swerte ka pa rin.”

Alam naman nya na minsan, nasa kalsada ang mga taga-Kalye Lubog para sumagap ng sariwang balita sa buhay ng may buhay, magbibilad ng problema, magsasamsam ng mga payo at iigib ng lakas ng loob sa kapwa naghihirap sa buhay.

***

“Hindi naman maiintindihan nina Mama at Papa yung *wala lang*, *sakto lang*, *kebs* o *basta*. Chill-chill lang naman kami ni Etot.”

“Pero kayo ba?”

“Para namang ewan din tong baklang ‘to, oh. Leah, pakialog nga itong si baklang Josie.” Nilingon nya ang kaibigan. Kita nya kung paano ito pinagpapawisan sa pila sa canteen. Namumula si Leah. Lalong halata ang pagiging natural na mestiza.

Nanlalaki ang mata nang sumagot si Leah, “Eh, ba’t di mo masagot?”

“Wow, ha? Talagang tag team kayong dalawa, ha?”

“Tang ina naman ‘tong si Baklang Josie, para bang hindi mo alam ang sinasabi ko.”

“Alam ko.” Sige sa marahang paglalakad habang lumilingon ito sa kanya.

“Ako, di maka-relate. I mean, pwede ba ‘yun. Hindi kayo, pero parang kayo. Hindi magkaibigan, hindi rin magsyota. Walang commitment, pero…”

***

Hindi nya alam kung pinagtyatyagaan nya si Etot o sya ang pinagtyatyagaan nito. Sya, kahit paano, may napapala. Naisasakay sa sidecar nang libre paminsan-minsan. Eh, si Etot? Nakailang tangka si Etot na makaiskor sa kanya maliban sa hawak-kamay, halik sa labi at yakap. Hindi nya pinigilan ang kamay ni Etot nang sukatin nito ang suso nya. Pati nang ipasok nito ang kamay sa kanyang blouse. Nakitaklob sa bra. Pati na rin nang sa halip na bra, palad na ni Etot ang tumaklob sa kanyang suso. Hinayaan nya nang dumako ang mga labi ni Etot sa kanyang kaliwang utong habang hinihimas, hindi lamas, ng kaliwang kamay nito ang kanyang kanang suso. Napapasinghap sya. Bahagyang napapaliyad. Hindi nya alam kung umuungol sya. Basta masarap. Basta may libong boltaheng gumagapang sa kanyang katawan. Nagtaka sya nang maramdaman nawala ang kamay ni Etot sa kanang suso nya. Ayun, dumako na pala ito sa hita nya. Pumasok sa pagitan ng kanyang mga hita. Parang may hinahanap. May ginagalugad. Gusto nya sanang pagkasunduin ang mga hita. Pero sa mga oras na iyon, parang nagtatampo ang mga ito sa isa't isa. Kusang naghihiwalay. Naramdaman nya ang kamay nito na sinasalat ang pagitan ng kanyang mga hita. May gustong marating. May gustong pakialaman. Pinigilan nya ang kamay. Pero nagpatuloy ito. Desidido syang pigilan. Pero desidido rin itong hindi magpapaawat.

Dito na sya nagdalawang isip. Pinagbigyan nya na nga ang bisita na manghimasok sa bakuran, gumala sa loob ng bahay, pati ba naman sa pribadong silid, manghihimasok pa rin? Ibang usapan na ito. Hindi pa yata sya handang patuluyin ang bisita. Itinulak nya si Etot. Lumabas na sya ng sidecar nito. Naglakad palayo.

"Sorry, kala ko kasi…" habol ni Etot na nagkakamot ng ulo. "Hatid na kita."

Umuwi silang hindi sya nagsasalita mula sa draga sa likod ng ginagawang palengke hanggang sa kanto ng Kalye Lubog.

***

Si Etot, bulol pa kahit grade 3 o 4 na. Yung ‘ito’ nito, laging ‘etot.’ Kayat binansagang ‘Etot’ si Benjamin. Ngayong hindi na ito bulol, pero hindi na nabura ang pagiging Etot nito.

Dating barker sa pila ng baby bus ang tatay nito. Noong buhay pa, nagtitinda ng basahan ang Nanay ni Etot. Tumigil na rin sa pag-aaral ang dalawa nitong kapatid na babae, sina Mimi at Chi chi. Nabuntis sa edad na katorse si Mimi, ang bunsong si Chi Chi ang nagtuloy sa pagtitinda ng basahan. Sa kwento pa rin ni Etot sa kanya, hindi kilala ni Mimi kung sino nakabuntis dito.

“Basta dumating yang mag-asawang ‘yan dito, gumagapang pa lang yan si Etot. May isa nang jeep. Binili nga yung pwesto ni Mang Kune at doon tumira. May pera-pera ‘yang si Mang Manding noong araw. Nakapag-Saudi, eh. Nakatatlong balik. Nakapagpundar ng tatlong jeep. Noong hindi na nakabalik, isa-isang nawala ang jeep. Saka naman nagkasakit yung asawa.” Pagbibida dati sa eskenita ni Mang Piling.

Noong high school sya, nakikita nya sa palengke si Mang Manding. Nagtatawag ng pasahero. Siguro mga tatlo o apat na beses na syang ibinilin sa drayber ng jeep na kamag-anak sya. Hindi na sya pinagbabayad ng driver.

Kaya kapag nakikita nya si Mang Manding, lumalayo sya, para hindi sya maisakay nang libre. Nahihiya sya.

Sa kwento ni Etot dati, nagkasakit sa baga kaya napilitang mamalagi sa bahay si Mang Manding.

Nandoon si Chi chi. Bantay. Umiiyak nang tahimik. Nilapitan nya ito. Hinagod ang maiksing buhok. Lumingon ito sa kanya. Nagyakapan sila. Hindi nya na mabilang kung ilang ulit na sila nagyakapan nina Mimi at Chi chi mula nang dumating sila ng pamilya dito kaninang bago mag

alas otso ng gabi. Hindi naman sila ganoon kadalas makapagkwentuhan. Pero ngayon, parang anlapit-lapit nila sa isa't isa.  Parang andami-dami na nilang napag-usapan.

Tumayo ito at sinamahan sya sa kusina para kumuha ng pagkain. Nandoon ang kahon-kahon ng slice bread na hugis tatsulok na nakabalot sa napkin. Nandoon din ang supot-supot na pansit. Katabi ang bunton ng plastic na tinidor at paper plate.

Tinulungan sya ni Chi chi. "Alam mo, sabi ni Kuya, kapag nagkapera sya, pag-aaralin nya raw ako uli. Gusto ko maging tulad mo, teacher."

***

"Magiging teacher ka, tapos, mapapangasawa mo… paano ka bubuhayin nu'n?" sabi ng Mama nya sa kanya minsang sabay sila naglalaba ng panty at bra.

Gusto nya sanang sumagot na 'bakit kailangan buhayin ako ng asawa ko? Kaya nga ako nagtrabaho para pwede ko ring buhayin ang sarili ko.'

"Hindi sa nangmamata o nanghahamak ako, Anak, wala rin naman akong tinapos. Hindi rin naman mayaman ang Papa mo, drayber nga lang ng bus, pero…baka ikaw pa ang magpakain du'n? Paano mabubuhay ang anak nyo?"

Hindi nya na alam ang isasagot dito. Parang tama na parang mali ang Mama nya. Parang totoo na parang hindi. Parang praktikal na parang hindi.

"Kamumulatan ng anak nyo na ganoon ang trabaho ng asawa mo?"

Dito nagkamali ang Mama nya. Sino ba may sabi na gusto nyang mapangasawa si Etot? Ni hindi nga sila nito, eh. Pero kung hindi naman pala nya balak mapangasawa si Etot, o maging sila nito, bakit pa sya nakikipaglandian dito?

***

Paglabas nya, inalok nya ang isang umpukan ng kalalakihan. Parang may sikretong pinag-uusapan. Ayaw marinig ng lahat. Tumanggi ang mga ito. Alam nyang hindi pagkain ang inaabangan ng mga ito. Halata sa mga lubog na pisngi at luwang mga mata, palunok-lunok at padura-dura.

"Hi Ma'am Leklek." Bati ng isa sa mga nakaumpok.

Hindi nya matandaan kung sino ito. Pamilyar ang mukha.

"Tsok?"

Tumango ito. Naalala nya na. Kaeskwela nya noong Grade Five. Ibang iba na ang itsura nito ngayon. Alvin ang tunay nitong pangalan. Botyok ang bansag. Kasi nga hindi lang mataba. Talagang mataba. Pero simula nang hindi na kutsara't tinidor lang laging hinahawakan kundi tooter, foil at lighter, naging ganito na ang itsura.

Muli nyang inalok ng dala nya ang mga ito. Kumuha na rin. Ibinulsa ang tinapay. Inilapag sa sahig ang pansit.

Halos mga lima o walong hakbang pa lang simula nang lumabas sya, ubos na ang laman ng tray. Babalik pa sana sya, sinalubong na sya ni Chi chi. Sinabihan sya na wag na muna maglabas. Yung iba kasi, inuuwi lang. Tapos babalik, hahakot uli. Mamaya na lang daw uli. Maaga pa. Baka raw maubos agad. Kakahiya kay Bossing Pekto.

"Alam mo, ang huling kwentuhan namin ni Kuya? Mamamatay raw yata sya sa tuwa o kahihiyan. Kasi, papasundo ka raw sa kanya sa palengke, at ililibre mo sya. Ayaw nya talaga. Kaso baka magalit ka."

***

Bandang alas dyes ng umaga nang tinext nya si Etot ng “Ano gawa mo?” Biglang tumawag si Etot. Sinabi nito na nasa bahay lang. Hindi makapaglalabas. Hinatid nito ang trike sa bahay ni Boss Pekto. Gagamitin para maghatid ng budget at ilang supplies sa ilang personnel ng sakla na stay-in sa mga katabing munisipalidad ng Rosario, Noveleta at Kawit. Baka hapon o gabi pa magagamit ang trike.

Nag-alok ito na susunduin sya sa eskwelahan. Tumanggi sya. Sinabi nya na baka pumunta sya at ang mga co-teachers nya sa Mall sa Macapagal. Nagparamdam si Etot na pwede naman na doon sa mall na ito dumiretso mamaya.

Gusto nya sana na sa mall na nga lang sila magkita. Kumain kaunti. Sabay na umuwi. Pero naisip-isip nya, hindi na nga ito nakapwesto sa sakla, wala ring labas ng trike tapos mamamasahe pa-Mall. Malamang hindi rin papayag si Etot na sya ang gumastos sa kanilang kakainin o manlilibre pamasahe pauwi. Mas matangkad kay Etot ang pride nito.

“Sabi nga ni Robin Padilla sa pelikula nya, pride na nga lang ang maipagmamalaki ng mahihirap, aalisin mo pa. Kaw naman, para kang hindi taga-Cavite. Mawala na ang yaman, wag lang ang yabang, di ba?”

Sinabi na lang nya dito na magkita na lang sila pag-uwi nya. Kakain sila sa fastfood. Pero sa isang kundisyon, sya ang magbabayad. Pag ayaw, wag na lang. Ilang segundong hindi makasagot si Etot.

“Daya mo, sige na nga. Pagbibigyan kita ngayon. Pero sa susunod, di na pupwede. Ako ang lalaki, ako ang nagyaya.”

“Eh, ako nga ang nagyaya, eh.”

"Miski na, ako ang lalaki. Lalaki ang bubuhay ng pamilya."

Hindi na sya sumagot. Ayaw nyang basagin ang trip nito.

***

Hindi nya pinahahalatang mainit ang ulo nya. Mag-aalas nwebe na nang makarating sya sa kanila. Tinanong sya ng Mama nya kung kumain na sya.

"Busog pa ako. Pagod na ko, Ma. Tagal ng byahe, trapik."

"Ipinagtabi ka pa naman ng Mama mo."

"Sobrang busog at pagoda ko, Pa."

"Sige pahinga ka na, nak." Nakapako ang mga mata ng Papa nya sa telebisyon.

"Wala kang pasalubong, 'Te?" pahabol na tanong ni Tagnoy bago nya isara ang pinto ng banyo.

"Mainit ang ulo?" rinig nya ng sabi ni Obet.

"Baka meron," sabi ni Chuck.

Matapos nya maligo, diretso na sya sa kwarto nya.

Anlinaw-linaw ng text nya kay Etot, sabi nya, mga alas sais hanggang alas sais kinse, nasa palengke na sya. Nag-reply si Etot na tamang tama daw, pwede na nitong makuha uli ang trike. Papunta na sa bahay ni Bossing Pekto nito. Bago mag-alas sais, nag-text pa sya dito na malapit na. Baka mga sampung minuto na lang. Nagreply pa ito ng 'K po.'

Pagdating nya ng palengke, nakailang text sya kay Etot na nasa fastfood na sya. Hindi ito sumasagot. Inisip nya na baka walang load. Tinawagan nya, patay ang phone. Sa isip-isip nya, baka may biglang inutos kay Etot ang Bossing Pekto nito.

Naghintay na lang sya sa fastfood. Ang thirty minutes na paghihintay, nauwi sa isang oras. Tinignan nya uli ang cellphone nya, pasado alas syete na. Nag-text na sya ng "Uuwi na ko. Tang ina, nasaan ka ba?" Pero hindi nya makuhang umuwi. Tinawagan nya ang number ni Etot. Patay. Pasado alas otso nang tawagan nya uli. Patay pa rin.

"Last na text na 'to, tang inang 'yun, ah." Sabi nya sa sarili.

"uuwi na talaga ako, wag na wag ka nang magte-text o tatawag sa akin." Ang text nya dito.

Lumabas na sya ng fastfood. Pero sa halip na sumakay ng tricycle, tumambay-tambay pa sya sa harapan.

Maya't maya, may tatapat na trike sa harapan nya. "Ma'am trike?" alok ng mga driver. Akala nya si Etot na.

"Last five minutes." Bulong nya. At umabot ng fifteen minutes. Saka sya sumakay ng tricycle.

Naluluha sya habang nakahiga. Bakit? Nainsulto ba sya? Sa buong buhay nya, first time nya sanang gagastos para sa isang lalake, tapos, ganito pa ang ginawa sa kanya?

***

"Pakenshet, Baks, baka nire-reverse psychology ka ng Etot na 'yan. Kasi, dati, sya yung habol nang habol sa iyo. Pilit nang pilit lumabas. Tapos nu'ng ikaw na, pinaparamdam nya sa 'yo yung nararamdaman nya." sabi ni Josie habang nagbi-video conference silang tatlo ni Leah.

"Baka naman may iba na?"

"Tinignan ko yung profile at status nya, ganoon pa rin, eh." Sagot nya sa tanong ni Leah. "Kung ano yung nakalagay last week, ganoon pa rin."

"Nag-pm ka sa fb nya?"

Umiling sya.

"Tama, baka isipin nu'n, patay na patay ka sa kanya."

Hindi nya napigilan ang luha. Masyado itong mabilis kaysa sa kamay nya.

"Kakainis 'no? Na-experience ko rin 'yan. Yung kapag gusto mo na, sya naman ang ayaw." Hinahagod ni Josie ang likod nya. "Kainis, talaga,'no?"

Hindi nya alam kung saan sya naluluha, kung sa inis o dahil baka nga mahal nya si Etot.

"Anong balak mo kapag bumalik o nagparamdam?"

"Pakenshet, wag kang basta-basta bibigay, paluhurin mo…paluhurin mo, tapos pakain mo ang pepe mo." Pagkukumpleto ni Josie sa sasabihin.

Tumawa ang dalawa. Nakitawa na rin sya.

Pagkaraan pa ng ilang araw, doon nya malalaman na may dumukot kay Etot.

***

Lumapit ang Papa nya sa kanya. "Tayo na, 'Nak. Condolence, ha?" sabi nito kay Chi chi. Kinuha ni Chi chi ang tray mula sa kanya.

Dumating din sa pwesto nila ang Mama nya kasama sina Tagnoy at Obet.

"Nasaan si Kuya Chuck, nyo? Text o tawagan nyo nga, sabay-sabay na tayo umuwi."

"Ako na, Pa." nagboluntaryo na sya.

“Paalam muna tayo kina Mang Manding.”

Nadaanan nila sina Aling Nori at Aling Nene na abala sa umpukan ng kwentuhan. Nadaanan din nila sa saklaan si Mang Piling at Mang Tasing.

“Nasaan ka, Kuya? O, wag ka na aalis dyan, daanan ka na namin dyan.”

“Nasaan daw?” tanong ng Mama nya.

Nginuso nya ang direksyon.

***

Ngayon naglalaro sa isip nya na posible kayang buhay pa si Etot kung sa halip na sa palengke, nakipagkita sya sa Mall sa Macapagal? Nagpasundo sa school?

***

“Don’t be too hard sa sarili mo, Baks. Hindi ikaw ang may kasalanan. Hindi sya namatay dahil sa ‘yo. Yung killer, yun ang pumatay. Hindi ikaw.” Sabi sa kanya ni Leah sa video conference.

“Hindi naman kayo, di ba? At kailanman hindi magiging kayo. May something lang, pero di nga kayo. Isipin mo na hanggang du’n na lang talaga kayo. At hanggang doon na lang sya.” Payo ni Josie.

***

“Mang Manding, Kap, balik na lang kami. May pasok pa kami bukas.” Pang-aabala ng Papa nya sa dalawang nag-uusap sa isang sulok.

“Miyerkules nga pala bukas, trapik sa Baclaran. May byahe ka ba?” inalok ang Papa nya ng sigarilyo ni Kapitan. Kumuha ang Papa nya ng isa. Sumindi sa sigarilyo ng Kapitan. “Opo, Olongapo ako bukas ng alas singko.”

“Nagtuturo ka na, Leklek? Este, Ma’am Crisostomo?” halatang gusto ng Kapitan na pasayahin ang usapan.

“Nagre-report na rin po. Next week po ang start ng klase.”

May isiningit ang Papa nya sa palad ni Mang Manding. Pinilit ni Mang Manding na ngumiti.

“Condolence, ho.” Tinapik ng Papa nya ang balikat ng tatay ni Etot.

Nagpaalam na rin ang Mama nya, sina Tagnoy at Obet.

“Ito ba ang bunso mo?” nakatingin kay Tagnoy si Mang Manding. “Ilang taon ka na?”

Nahihiyang sumagot si Tagnoy na “Eleven po.”

“Nasaan yung isa?” malumanay ang pagsasalita ni Mang Manding.

“Si Chuck, ho? Second Year College na po sa pasukan. Nasa tabi-tabi lang. Binata na, eh.” Sagot ng Mama nya.

“Alis na po kami. Balik na lang.”

“Hindi na ako magpapasalamat, ha? Hindi ko na rin kayo ihahatid.” Pinipilit ni Mang Manding ngumiti. “Lek, salamat, ha?”

Hindi nya alam kung bakit at kung ano ang nagtulak sa kanya at nagmano sya kay Mang Manding.

Napahagulgol ito.

“Putang ina, anak ko ‘yan. Anak ko ‘yang pinaglalamayan natin.”

Inalo nina Kapitan at Papa nya si Mang Manding. Naluluha na sya. Pinisil nya ang palad ng Mama nya.

Kumaway uli sila kina Kap at Mang Manding bago magpaalam.

Muli silang sumingit kung saan sila nagdaan kanina. Nasa unahan ang Papa nya. Kasunod sya. Nasa likuran nya sina Tagnoy, kasunod si Obet at nasa dulo ang Mama nya. Habang naglalakad, panay ang 'excuse po, makikiraan po' nila. May ilan na bumabati sa kanila, may ilan na talagang abala sa pinagkakaabalahan.

Halos palabas na sila nang may marinig silang sunod-sunod na putok ng baril. Napayuko ang lahat. Pati sila. Kagulo na.

"Wag kayong bibitaw. Chuck?"

"Chuck?" sigaw din ng Mama nya.

Pinilit nilang makalabas sa mga taong nagpupulasan kung saan-sang direksyon. Basta't naririnig na lang nila may nataob na mesa, nasagi't natumbang monoblock, baryang nahulog, boteng nabasag, sigawan ng bata't matanda.

Nakipagbuno sila sa mga balikat, ulo, tuhod, paa, dibdib, kamay, mukha ng kung sinoman. Dapa, bangon, tisod, lakad ang ginawa nila. Kapit kamay silang lahat. Walang pwedeng bumitaw. Hindi ininda kung anuman ang magapangan, maluhuran, mahawakan o matapakan. Basta kailangan makalabas.

Nakasalubong nila si Chuck. Namumutla rin ito. Wala nang usap-usap, takbuhan silang buong pamilya pabalik sa kanilang bahay.

***

Sa bahay, doon lang nila napansin ang kanilang mga sugat, gasgas at pasa. Pigtal o walang kapares ang tsinelas. Sira o punit ang damit.

May malaking pasa ang Papa nya sa ilalim ng kanang mata nito.

Iika-ika itong naglakad papunta sa salamin. "Hindi ko alam kung saan 'to, tumama. Tang ina, paano ako magmamaneho nito bukas?"

Bihira nyang marinig magmura ang Papa nya. Sya pa nga yata ang mas madalas. Alam nya kapag nagmumura ito, seryoso na.

"Baka maintindihan naman nila…" iniisa-isa ng Mama nya silang lahat. Iniinspeksyon ang katawan kung may sugat o bali.

"Baka isipin, nagdadahilan lang ako. Sana payagan ako." Wag ka munang pumasok bukas." Sabi sa kanya ng Papa nya.

"Pa, di pwedeng hindi ako mag-report,"

Nang matiyak ng Mama nya na maayos naman sila, nalagyan na ng alcohol ang sugat at gasgas, inasikaso naman nito ang Papa nya.

"Tang inang talaga, oh!" Mariin pero mahina ang pagkakasabi ng Papa nya. "Kaya kayo…"

"Kaya kayo, matulog na. Sige na." agap na pagsabat ng Mama nya. "Kami na magsasara ng Papa nyo ng bahay. Matutulog na rin kami."

Tahimik ang buong bahay. Pero parang naririnig pa rin nya ang kaba ng bawat isa. Umingay uli ang eskenita. Ngayon pa lang nagsisiuwian ang iba nilang kapitbahay. Naririnig nila ang usapan. Si Tsok ang tinumba.

***

“Pag may nakaalam nang ginawa natin sa sidecar sa draga, isusumpa talaga kita.” Sabi nya kay Etot habang kumakain sila sa fastfood.

“Ito naman, minsan na nga lang tayo mag-date sa ganito, minsan na nga lang kami maka-clean up, magtataray ka pa. Oo naman. Sikretong malupit.”

“Paano ako makatitiyak na hindi mo ipagkakalat, aber? Kayo pa namang mga lalaki, kung pwede lang i-post sa fb ang mga…”

“Ganito na lang, kapag may nakaalam nu’n, pwede mo ring ipagkalat ang sikreto ng pamilya namin.”

Natigilan sya sa pagsubo ng spaghetti. Hinihintay nya ang sasabihin ni Etot.

Luminga-linga muna ito. Hinawakan ang kamay nya. “Anak ako ni Nanay sa una nyang asawa.”